# REBYU NG AKLAT: PAG-OORGANISA NG PAMAYANAN TUNGO SA KAUNLARAN NA MULA TAO PARA SA TAO

ni Jose R. Medina

Mahusay ang pagkakasulat ni Dr. Angelito G. Manalili ng *Ang Pag-oorganisa ng Pamayanan Tungo sa Kaunlaran na Mula Tao Para sa Tao*. Isa itong akmang sanggunian ng mga mag-aaral at manggagawa ng kaunlarang pangkomunidad. Ito rin ay madaling maunawaan ng mga taong nag-oorganisa ng iba't ibang sektor tulad ng mga magsasaka, mangingisda, manggagawa, kabataan, kababaihan, at mga katutubo.

Naipakita ng libro ang pag-unlad ng mga makabagong paraan ng mga samahan ng iba't ibang sektor at mga katuwang na institusyon sa pamamagitan ng pagkakatuto mula sa paggawa (learning by doing). Dagdag pa rito ang malawak na karanasan ng manunulat, kasama ng mga datos, konsepto, at pagsusuri ng mga pamamaraan ng pag-oorganisa ng iba't ibang sektor sa bansa, partikular na sa kung ano ang nangyayari sa pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga NGO (Non-Government Organization), simbahan, at NGA (National Government Agency).

Ang libro ay nahahati sa 17 na kabanata, at bawat kabanata ay nagbibigay ng malinaw na pagpapaliwanag kung paano nakibaka ang mga tao para iorganisa ang kanilang mga sarili para mabuhay. Nakalahad ang naratibong ito mula noong panahon pa ng kanilang mga

ninuno hanggang sa kasalukuyan. Masusing pinili ang mga halimbawa ng mga pamamaraan ng mga sektoral na organisasyon. Tanging mga proyekto sa pangunguna ng mga lokal na organisasyon na nakapagbigay ambag para sa pagpapanatili nito para sa pag-oorganisa ng komunidad ang pinili ng manunulat.

Ang pinakamahalagang dahilan kung bakit kapaki-pakinabang ang librong ito bilang gabay sa pag-oorganisa ay ang mga halimbawang malinaw na naipapaliwanag ang mga konsepto at mga paksa tungkol sa pag-oorganisa kung saan may malawak na partisipasyon ang mga tao (participatory people organizing). Ilan sa mga paksang ito ay ang proseso ng pagkatuto, ang pakikibaka ng sarili sa pag-oorganisa, ang kahalagahan ng pagpili ng mahusay na lider, pag-oorganisa at partisipasyon ng mga tao sa isang lokalidad, at ang kaalaman kung paano gagamitin nang mas mahusay ang mga yamang tao at mga mapagkukunang yaman sa paligid.

Samakatwid, ang libro ay kapaki-pakinabang para sa mga tagapag-organisa sa komunidad, gayundin sa mga tagagawa ng mga patakaran mula sa mga pambansang ahensya ng gobyerno, o sa mga NGO, mga relihiyosong organisasyon, at iba pang gustong matuto at makinabang sa mga proseso at pamamaraan sa pagbuo ng isang matatag na organisasyon para sa pamayanan.